MGA SUPORTANG PAMPAMILYA NG POLL
PAGGAMIT NG PANAYAM SA MGA WIKA AT INTERES NG PAMILYA

Ang paggamit ng Panayam sa Mga Wika at Interes ng Pamilya ay ang unang hakbang sa pakikipagtulungan sa mga pamilya at pag-alam kung paano magplano ng mga naka-target at makabuluhang karanasan sa pagkatuto ng wika sa mga batang dual at multilingual na mag-aaral. Naglilingkod ka man sa dual at multilingual na mga bata sa mga setting ng tahanan, center, o nakabatay sa komunidad, maaari mong gamitin ang panayam para maingat na magplano para sa mga makabuluhang karanasan sa pagkatuto ng wika.

MAKAKATULONG ITO SA IYO NA...

- Magsimula ng tuloy-tuloy na pag-uusap kasama ang mga miyembro ng pamilya na higit na nakakakilala sa bata.
- Bumuo ng tiwala sa pamamagitan ng pagtanggap sa pamilya at pag-anyaya ng partnership.
- Unawain ang mga hangarin ng pamilya at ang kanilang mga layunin sa wika para sa bata.
- Matutunan ang mga interes, kakayahan, at mga wika ng bata at kung paano siya nakikisalamuha sa loob ng pamilya.

MGA DAPAT ISAALANG-ALANG – PAGHAHANDA AT PAGSASAGAWA NG PANAYAM SA MGA WIKA ATINTERES NG PAMILYA:

- Magtakda ng oras para personal na makipagkita sa mga miyembro ng pamilya/pangunahing tagapag-alaga. Kung hindi mo alam ang wika ng pamilya, mag-imbita ng kasamahan o miyembro ng komunidad na maaaring tumulong bilang tagasalin.
- Tanggapin ang pamilya sa iyong programa at magbahagi ng ilang positibong salita tungkol sa bata at/o pananabik para sa darating na taon.
- Ipaalam sa pamilya na gusto mong makilala nang mas mabuti ang kanilang anak at mayroon kang ilang tanong na makatutulong para mas makilala sila, ang kanilang mga hangarin, at mga layunin nila sa wika para sa kanilang anak.
- Ibahagi ang ilang pananaliksik na nagpapakita na ang pagiging bilingual ay isang kakayahan, at ang pag-alam mo sa kanilang mga layunin sa wika ay makatutulong para makapagplano ng mga pagkakataon sa pagkatuto na susuporta sa mga layuning iyon.
- Hingin ang kanilang pahintulot na gumawa ng tala sa panahon ng panayam na gagamitin sa pagpaplano at sa pagkumusta sa kanila sa buong taon.

- Gamitin ang oras para kilalanin at pahalagahan ang kanilang ibinahagi at para ipaliwanag ang iyong programa, kung ano ang dapat asahan, at ang mga estratehiyang gagamitin mo para suportahan at paunlarin ang parehong mga kasanayan sa sariling wika at Ingles.
- Ipakilala sa kanila ang iyong POLL Communications Board kung saan makikita nila bawat linggo ang mga aralin ng kanilang anak, mahahalagang bokabularyo at konsepto, at mga aktibidad na maaari nilang gawin sa bahay para mapalawak ang pagkatuto sa sariling wika at Ingles.
- Anyayahan ang mga pamilya na ibahagi ang kanilang wika at kultura sa pamamagitan ng mga kanta, aklat, at espesyal na aktibidad.

Tandaang balikan ulit ang panayam bilang bahagi ng iyong regular na pakikipag-ugnayan sa mga pamilya sa buong taon. Ang patuloy na pakikipag-ugnayan hinggil sa mga layunin sa wika ng bata ay magbibigay-daan para maka-adjust ka kung kinakailangan.

MGA MAPAGKUKUNAN:

Para matuto nang higit pa tungkol sa Panayam sa Mga Wika at Interes ng Pamilya, tingnan ang seksyong Mga Suportang Pampamilya sa **https://www.pollstrategies.org**